Australian Government

Filipino

Panatilihing ligtas ang iyong mga ibon mula sa H5 bird flu



H5 bird flu

ay maaaring kumalat sa pagitan ng mga ibong ligaw at mga kawan sa bakuran (backyard flocks) sa pamamagitan ng pagkakalantad sa mga may impeksyon na ibon, mga dumi, ibinabahaging tubig, pagkain o kagamitan.

Maaari itong mabilis na kumalat at magdudulot ng malalang karamdaman o pagkamatay sa mga ibon.

Manmanan ang iyong mga ibon para sa:


- Panghihina o hindi kumakain
- Mga problema sa paghinga
- Pamamaga ng ulo o leeg
- Biglaan na mga pagkamatay
- Pagbaba sa bilang ng mga itlog

Kung may bagay na tila hindi tama, maagang magpatulong.

Mga simpleng hakbang upang makatulong na maprotektahan ang iyong kawan at ang ating mga ligaw na hayop (wildlife)

1. Huwag papasukin ang mga ibong ligaw

Gumamit ng netting o isara ang kulungan upang mailayo ang mga ibong ligaw mula sa iyong kawan at ang kanilang pagkain at tubig.





2. Panatilihin ang mabuting kalinisan

Palaging linisin ang mga kulungan, mga kagamitan at sapatos/ tsinelas.

3. Maghugas ng mga kamay

Maghugas ng mga kamay bago at pagkatapos na hawakan ang mga ibon at mga itlog.



Alamin ang karagdagan sa birdflu.gov.au o i-scan ang QR code.

Kung may mapapansin kang mga pangkat ng may sakit o patay na mga hayop, **IWASAN**, **ITALA** at **IPAGBIGAY-ALAM** sa Emergency Animal Disease hotline (Emerhensyang Hotline ng Sakit ng Hayop):

1800 675 888